

Romulo P. Baquiran, Jr.

# *Singkulay ng Buhay*

**Panayam Kay Edgardo M. Reyes**

Isa si Edgardo M. Reyes sa pangunahing kuwentista at nobelistang Filipino. Popular ang kaniyang *Sa Mga Kuko ng Liwanag* hindi lamang sa Filipinas kundi maging sa ibang bansa. Ang bersiyong pelikula ng nobela ay isa sa mga ikonong produksiyon ng pelikulang Filipino. Kabilang si Reyes sa pangkat pampanitikan noong dekada sisenta—mga manunulat na *Agos*—na bumago sa development at kasaysayan ng pagsulat ng kuwento sa Filipino. Sa sariling paglalarawan, siya ay "...isang layas, palaboy, propesyonal na tambay, salamat at hindi umabot sa pagiging taong-grasa. Atsoy rin, piyon sa konstruksiyon, tubero, manggagawa ng poso, office boy, mensahero, bodegero at kung ano-ano pa. Halos gradweyt lang ng high school, nagtapos nang pinakabobo sa buong klase (pasang-awa) sa eskuwelahang matagal nang nagsara, ewan kung dahil sub-standard. Naging kuwentista, nobelista, editor ng magasin at diyaryo, manunulat sa pelikula at telebisyon, reporter, photographer, kolumnista, cartoonist, komentarista sa radyo, direktor sa pelikula. Propesor sa unibersidad, tagapaglektyur sa graduate school ng Ateneo, at sa U.P., sa mga estudyante at sa mga miyembro ng faculty. Palanca at Famas awardee, U.P. writer-in-residence, [at] best seller sa Japan (salin sa Nihonggo ng *Sa Mga Kuko ng Liwanag*)."

Dinayo siya sa kaniyang tahanan sa Taytay Rizal noong 17 at 22 Hulyo 2008 ng pangkat ng editor at kasamang editor ng ikalawang isyu ng *Likhaan Journal* na binubuo nina Dekano ng Kolehiyo ng Arte at Literatura Virgilio S. Almario at Prop. Carmelo V.E. Nadera, Jr. Kabilang din sa nakipanayam sina Prop. Romulo P. Baquiran, Jr. at makatang Rogelio G. Mangahas.



*Kuha sa isang room sa Country Lodge, Baguio City. Mga year 1978. Nagsusulat ng screenplay with my old reliable typewriter. The place, would you believe, e pag-aari raw ng mga Macapagal!* ***~ EDGARDO MATA REYES***



Likhaan Journal: Ano bang aksidente ang nangyari sa inyo?

Edgardo Reyes: Nabangga ang kotse ko. Iyong kotse ko nabasag ang salamin. Ang engine pumasok sa paanan ko. Bumagsak sa paa ko. Dinala ako sa Medical City.

LJ: Kailan po iyon?

ER: Noong 17 Hunyo 2001. Doon sa Imelda Avenue corner Ortigas Avenue nangyari. Aba't ang sabi, mayroon akong crack dito (*ituturo ang kanang pisngi*). Ang daming tumitingin sa akin. Kasi nakita nila sa kotse na kilala ako. Palabas ang isa kong pelikula at saka nalaman nilang awtor ako. Akala mapera ako. Napunta pa ako sa suite. Biro mo Medical City, tapos suite. Kasi dinampot ako ng pulis. Dinala ako sa Marikina Hospital. Mabuti nakalagay sa kotse ko "In case of accident," na "please call." Tumawag sa anak ko. Nang makita ako, para akong baboy. Itinambak lang ako ng pulis doon. Saka kinuha ang cellphone at relos ko, kinuha ang pera ko, kinuha lahat ng mga mahahalaga sa akin. Iniwan na ako. Naputol ito (*ituturo ang hintuturo ng kanang kamay*). Tanggal maliban sa balat. Tinahi sa Marikina Hospital. Tahing sako.

LJ: Tahing sapatos.

ER: Oo, iyon bang madalang. Madalang, tapos ito (*ituturo ang daliri*) patay. Ang patay pala pagka ganoon ay natatanggal. Hindi maikilos. Wala akong kontrol. Basta nakakabit, nakaganoon, pero patay.

LJ: Naayos?

ER: Oo, inayos doon. Alam mo itong kapirasong ito, ang operasyon niyan ay P30,000.

LJ: Kung patay paano napagalaw?

ER: Mayroon akong crack dito (*ituturo ang pisngi*). Ang sabi ng isa, "Anyway, it's only cosmetics." "Dok, ang totoo baka iyong pagka-crack ng mukha ko pumogi pa nga ako." Tapos alam mo nagkakagulo doon. Kasi nang dinala ako sa sa Medical City, walang room. Doon pa sila malapit sa St. Francis Church. Sa may San Miguel. Sa may brewery doon ako dinala. Walang room. Ipinasok ako ng anak ko sa suite. Dinalaw ako ng mga taga-pelikula—artista, direktor, ganoon. Akala nila big time. Nagkagulo ang mga doktor sa akin. Nakapila ang titingin sa akin.

Titingnan ako sa mata, titingnan ako sa bone. Pinapa-brain scan ako. Tiningnan kung may mga bali ako. Tiningnan kung may diperensiya ako sa ulo. Sabi ko, "Dok, iyan ang siguraduhin mo kasi iyan ang pantrabaho ko." Pero mukhang wala naman.

LJ: Ilang taon na kayo?

ER: 72 ako ngayon. Matibay ako. Hindi ako namatay sa aksidente pero sabi ko sa kanila, ewan kung magsu-survive ako sa charge sa akin. Nang lumabas ako ng ospital, naubos ang ipon ko. Pampatayo ko ng bahay iyon.

LJ: Magkano lahat ang ginastos ninyo?

ER: Sabihin na lang natin na nahubuan ako, karsonsilyo lang ang natira. Pagkatapos ng three months, ibalik mo sa akin, sabi ng doktor ko. Nakaplaster iyan. Tapos babalik ako sa ospital. Babanatan na naman ako ng singil. Mayroon akong mga pang-pedicure, maliit na gunting. Ginupit ko ang mga tahi diyan, ginupit ko ang mga tahi, pagkatapos binunot ko ng tiyani. Sibat na ako. Ang mga anak ko, nakapag-aral ang mga iyan. Hindi kagaya ng tatay nila talagang dumaan sa hirap. Wala naman akong narating. Kaya lang, ang narating ko ay mukhang mataas dahil ang baba ng pinanggalingan ko. Sabi ko, "Kayo nanggaling sa lupa, ako galing sa hukay."

LJ: Bakit ninyo nasabing galing kayo sa hukay?

ER: Hindi naman kami mahirap na mahirap. Sa kalye namin sa San Juan, San Ildefonso sa Bulacan, kami nga lang ang bahay na yero at tabla. Ang tatay ko bridge foreman. Ang kapitbahay namin puro magsasaka. Siya ang nagtayo ng mga tulay doon. Patitulay ng San Miguel siya ang nag-supervise noon. Ang problema, ang mga kapatid ko nakapag-aral; ako hindi. Wala na kasi akong tatay.

LJ: Ilan kayong magkakapatid?

ER: Pito. Ako ang bunso. Ang sinundan ko pitong taon ang tanda sa akin. Kaya hindi ako nakaramdam na ako'y may kalaro. Nang nag-aaral na ako, may mga asawa na sila, nag-iisa akong bata. At ito naiwan sa akin ang isang old maid kong kapatid, isang kapatid na lalaki na medyo sakitin, at ang nanay ko. Ako ang bunso, at fourteen, ako ang bumubuhay sa kanila.

LJ: Ano'ng ikinabubuhay mo, pagsulat?

ER: Hindi. Hindi pa ako marunong magsulat noon. Gumagawa ako ng poso. Mano-mano. Oo hihilahin mo, may bumobomba rito. May tripod na kawayan, may kalo doon. Noong araw kasi lahat ganoon.

LJ: Saan ka nag-aaral noon?

ER: Bagama't lagi kong sinasabing high school graduate lang ako, ang totoo'y nakapagkolehiyo rin naman ako. Dalawang beses pa nga. Sa dalawang magkaibang kurso, at sa dalawang magkaibang unibersidad. Nakatapak ng kolehiyo pero wika nga, paa lang. Hindi pareho. Nagtapos ako ng hay-iskul (1956) sa Bohol Central College (sa Recto ngayon, harap ng Odeon) nang pasang-awa, pulos 75 liban sa Filipino na isang kumakalabog na 70. Pinapag-aral ako ni Tiya Dely. Kumuha ako ng Komersiyo sa UE. Nakadalawang buwan lang yata ako, ayoko na. Tumigil ako. Makalipas ang pitong taon, o noong 1963, nakatuwaan kong bumalik sa kolehiyo. Medyo writer na. Isa nang nobelista ng *Liwayway*. Kaya ko nang pag-aralin ang sarili ko. Saka sa tropa namin noon sa "Bagong Dugo," ako lang ang may gayon kababang pinag-aralan. Pinili kong sa UST mag-aral. Klaseng sikat noon ang mga taga-Philets. Panahon nina Jing-jing Pantoja, Kit Tatad, Bayani de Leon at iba pang nangakilala. Filipino editor ng *The Varsitarian* si Roger Sicat, kamanunulat, matalik na kaibigan (kalauna'y naging dekano ng Kolehiyo ng Arte at Litiratura sa U.P.) at noon ay aktuwal na sa haybol namin nakatira. Ang problema wala akong transcript. At sarado na noon ang Bohol Central. Nagkataong ang may-ari niyon at ng Far East Military Academy (FEMA) sa Balintawak ay iisa. Kasama ko si Roger, nagbakasakali kami sa FEMA. Suwerte, nakakuha ako roon ng kopya ng transcript ng pagtatapos ko sa hay-iskul. Akala ni Roger, "yabang" ko lang ang sinasabi ko sa kaniya kung paano ako nakagradweyt ng hay-iskul. Nang makita niya ang grades ko sa kopya ng transcript, noon lang siya naniwala. Pasang-awa. Sumalida na kami sa UST. Palistahan na noon para sa bagong school year. Hindi pa uso noon ang pagkuha ng entrance exam. Sinunod ko ang noo'y sistema roon. Isinabmit ko ang aking transcript. Naghintay ng tawag para mainterbiyu ni Father Paniso na adviser ng *The Varsitarian* at mataas ang katungkulan sa UST. Ayon kay Roger, nakasalalay sa magiging interbiyu kung tatanggapin ako roon o hindi. Sa sarili ko, wala akong kaba na baka hindi ako matanggap. Dahil hahatulan ako hindi sa mga grades ko kundi sa magiging impresyon sa akin pagkaraan ng interbiyu. Sa lodo-lodo ko, paano ako aayawan? Kilala nang nobelista. Marami-rami nang literary awards. Nasa mga libro na, pinag-aaralan sa mga kolehiyo at unibersidad. At magugulat sila sa mga maririnig sa akin sa oras ng interbiyu. Ang kaso'y iyon ang hindi dumating, ang interbiyu. Mandi'y nadismaya ang naturang pari nang mabistahan ang aking transcript. Gayong mga grades, kalakas-lakas ng lodo na mag-enrol sa UST! Ni hindi ako tinawag para mainterbiyu. Basta ipinabalik sa akin ang aking transcript. Hindi makatingin sa akin si Roger. Parang nagigiltihan na awang-awa sa akin. Nanaog kami sa hagdan ng bilding na iyon, walang kaming imikan, bagsak ang mga balikat. Pagsapit sa ground floor ay tumigil ako, napatigil din si Roger. Tiningala ko ang itaas ng hagdan. Sabi ko kay Roger: "Dito ba nag-aral si Rizal? Darating ang araw, magsisisi ang unibersidad na ito, hindi ako tinanggap dito!" Sa ibang unibersidad ako

LJ: Pang-ilan iyon?

ER: Panganay sa lalaki. Pangatlo siya. Hanggang sa dumating nga ang kuya ko, doon na lang daw ako sa kanila. Pag-aaralin ako ni Tiya Dely. Sa kagustuhan kong mag-aral, tumira ako sa kanila. Dumating ako isang umaga sa inuupahan nina Tiya Dely (buong ibaba ng isang bahay), dala ko sa isang kahong karton (ng gatas) ang aking kaunting personal na mga gamit, kinabibilangan ng isang laspag nang karsonsilyo (brief). Na ang ikalawa ay suot ko. Apat kami. Silang dalawang kuya ko. Saka ang anak sa una ni Tiya Dely, si Vee (Violeta) na dalaga na noon. (Matanda ako nang kaunti.) Nagkataong sila'y walang maid nang mga araw na iyon. Walang pag-uusap, nagkaintindihan na doon, hindi ako isang bakasyonista. Makikitulong-tulong sa mga gawain. Mula sa araw-araw na paglilinis ng bahay hanggang pagluluto. Hindi ko alam kung nasaan na ako sa larangan ng panulatan. Wala sa akin ang paghusga. Bahala na ang panahon. Pero bilang isang houseboy nang mga araw na iyon, ibig kong maniwala na talagang magaling ako. Tipong perpeksiyonista ako (Virgo) sa aking mga pagsusulat at sa iba pang gawain. Maging sa pagiging isang houseboy.

LJ: Saan ba sila nakatira noon?

ER: Sa kalye Josefina sa Sampaloc, malapit sa Welcome Rotunda. Sa buong Kamaynilaan, maaaring sa pook na iyon binuksan ang kauna-unahang supermarket na kung tawagin ay *Sunshine*. Kalingkingan kumpara sa mga mall sa kasalukuyan ngunit noon, parang napakalaki. Ang gagawin mo lang, tatawag ka, "Dalhan mo kami ng dalawang ganito, tatlong ganoon." Darating sa bahay mo ang inorder mo. Saka mo pa lang babayaran mo at bibigyan ng kaunting tip ang cartman. Hindi puwede ngayon ang gayong sistema ng transaksiyon. Aandar ang mga kalokohan gaya ng mga pekeng tawag. Maaaring bihira ang nakaaalam na si Tiya Dely ay may passion sa mga sapatos. Hindi singgrabe ni Imelda pero tuwing ikalawang linggo yata, mayroon siyang bagong pares. Ipinagsasadya sa noo'y kilalang Saldaña sa Escolta. Nang mula sa Josefina ay lumipat kami ng tirahan, ang salansan ng mga kahon ng kaniyang mga sapatos ay kalahati yata ng karga ng hakot ng trak. Ang nilipatan namin, sa makalampas ng Ayala Bridge patungong San Marcelino sa Maynila. Apat na pinto, primera klaseng apartment. Doon kami sa itaas. Pagkaluluwag ng mga kuwarto pero kaso, dadalawa rin. Mabuti at sa likod, sa itaas ng mga garahe, may kani-kaniyang kuwarto para sa mga drayber. Ang isa para sa amin. Doon ako lumagay. At least, may privacy. Sa aming bagong tirahan, nawala ang kakombinyentihan na tatawag ka lang para makapag-grocery. Walang ibang gagawa — sa akin natoka ang pamamalengke. Dalawang beses isang linggo. Nagiging tatlo kapag nagkakaroon kami ng mga bisita. Bibigyan ako ni Tiya Dely ng listahan ng mga bibilhin, at ng pera, at lalakad na ako. Kung hindi sa Legarda, sa Quinta market sa Quiapo. Depende sa mga bibilhin. Nakagawa agad ako ng suki sa magkabila. Mabilis akong mamalengke. Hindi iyong pabalik-balik. Sa isang pasada, nabibili ko ang lahat ng nasalistahan. Wala sa akin si Mar Roxas.



*Sa editorial ng Abante with Mia, na noon, padispley-displey pa sa bida.*

Ang manok (native) ay binibili noon nang buhay, hindi frozen. At lagi na, kailangan kong bumili ng manok. Tinatalian ang mga paa, gayundin ang mga pakpak. Isinisilid ko sa isang hiwalay na shopping bag na yari sa papel. (Mula sa mga supot ng semento. Wala pang plastic bag ng mga panahong iyon.) Ang ibang pinamili, sa isa pang paper bag. Isang umaga, pauwi na ako sa isang pamamalengke sa Legarda. Sa bus biyaheng Paco, nakalag pala ang tali sa pakpak ng buhay na manok. Nakalipad, nakalabas ng supot. Nagkagulo sa loob ng bus. Nadampot ng isang lalaki, naibalik sa akin. Hagalpakan ng tawa. Pumara ako paglampas ng tulay ng Ayala. Hindi ko alam, ang puwitan ng isa pang paper bag ay namasa pala at nababad ng binili kong mga isda. Nang bitbitin ko dahil bababa na ako, lumusot. Nagkalaglag at nagsabugan ang mga pinamalengke ko. Naggulungan sa loob ng bus ang mga sibuyas at kamatis. Riot sa ugong ng tawanan. Pero nagsitulong sila. Kani-kaniyang dampot, kani-kaniyang abot sa akin. Itinupi ko ang ilalim ng

na sirang supot saka sinalo upang mailagay uli ang mga laman. Nakababa na ako, tawanan pa rin sila nang tawanan. At kumikibos na paalis ang bus, inihabol pa ang isang babaeng pasahero. Sabi: "Eto pa!" Iniabot sa labas ng bintana—isang patola. Iyon ang mga sandali na nahiling kong sana'y tamaan ako ng kidlat at maglaho sa mundo.

LJ: Paano ka naging writer?

ER: Naging writer ako na wala akong alam sa writing. Wala akong alam. Ni hindi ko alam ang mga metaphor, simile, hyperbole. Hindi ko alam ang point of view. Pero noong araw pa, natatandaan ko nang maliit pa akong bata, nagbabasa na ako ng Nancy and Hugo. Ako ang tagabili ng *Liwayway* sa bayan na pag-uuwi ko ay binabagalan ko ang lakad dahil pagbigay ko sa kanila, tapos ko nang basahin. Tapos ko na ang "Banaba," pati ang "Kulafu." Tapos makikinig pa ako sa pagbasa ng kapatid ko. Nakikinig silang lahat. Kaya noong nag-aral ako medyo marunong na ako. Ang kuya ko, nag ex-Bataan, ex-Mindanao campaign, Korean war.

LJ: Si Leonor?

ER: Ha? Oo, Leonor. Ex-Korean. 10th BCT siya. Kauna-unahan sila.

ER: Alam mo ba ang war library series para sa mga G.I.?

LJ: Pocketbook.

ER: Oo, pocketbook. Alam mo western din iyon halos. May kaunting mystery, ipinadadala iyon sa mga sundalo. Gusto nila puro kabayanihan. Doon ako nakapagbasa kasi may rasyon ang kuya ko dahil napunta siya sa giyera. Kaya kilalang-kilala ko si Hemingway. At mayroon akong isang portable Hemingway na hindi ko alam kung bakit napasama. Na-introduce ako sa mystery. Agatha Christie. Erle Stanley Gardner. Nakabasa ako ng ibang klaseng manunulat, bilib na bilib ako sa Ingles. Hindi ako marunong ng Ingles. Bago dumating ang noun, tatlong adjective ang ginagamit. Diyan ko narinig ang *infinitesimal*, *braggadocio*, mga ganyan. Si Augusta J. Evans. Iyon pala napaka-corny sumulat. Ang ginawa ko, tuwing may Ingles na hindi ko maintindihan, ililista ko.

LJ: Nagka-college na po kayo noon?

ER: Hindi. Tumigil na nga ako. Nag-college ako mga 17.

LJ: Pero nag-MLQU po kayo.

ER: Oo. Tapos tumira sa Morning Breeze. Popular iyan sa mga isinusulat ko. Morning Breeze.



LJ: Sa Caloocan.

ER: Oo, likuran namin ay MCU. Popular iyan sa mga isinusulat ko. Nangungupahan kami ng isang entresuwelo na beinte pesos.

LJ: Sino ang mga kasama mo?

ER: Nanay ko at ang kapatid kong lalaki. Saka iyong old maid namin. Nagtutubero ako para kumita. Nagkasama-sama nga uli kami. Naglalaro na ako noon ng chess. Nakasali na ako sa Second National Junior sa chess, at muntik na akong maging finalist. Doon sa Morning Breeze, champion ako sa chess. Nagtuturo ako ng chess. Iginagalang ako doon dahil kahit lahat ng mga kasama ko'y nag-aaral, hindi naman sila manalo sa akin sa scrabble. Halimbawa, naglalaro ako ng chess.

LJ: Ano ang paborito ninyong opening?

ER: English. Anyway, ang punto, hindi na ako makabayad. Beinte pesos na nga lang pinalayas pa kami. Ang kuya kong nasa army pinadalhan kami ng six by six. Nakakuha kami ng isang bahay na nakagilid sa tabi ng ilog ng Pulilan. Anytime magigiba. Sakay kami ng six by six. Malungkot din ang mga kaibigan kong tumulong magbuhat.

LJ: Talambuhay Caloocan iyan a.

ER: Wala pa ang North Expressway. Dumaan kami diyan sa Monumento ni Bonifacio. Simbolo ng siyudad iyon. Kapag nakita mo si Bonifacio para ka nang nasa Maynila. Minura ko si Bonifacio. Pero hindi talaga si Bonifacio ang minura ko kundi ang city. Nandun ako sa lodo, umiiyak ako. Sabi ko, "Putang ina mo, babalikan kita, putang ina mo!" Kasi sumurender ako sa city. Ang tagal-tagal ko na sa city. Nagtiis naman ako. Nagtubero ako. Isinulat ko iyan sa *Sa Mga Kuko ng Liwanag*. Tapos tumapon pa rin ako sa...

LJ: Pulilan.

ER: Nang nasa Pulilan na ako, nakahagilap ako ng isang *Liwayway*. Wala na akong trabaho. Kasi paano ka magtatrabaho sa dating trabaho, sa tubero? Sa pamasahe pa lang lugi ka na. At saka aalis ka ng madaling-araw. Sasakay ka ng Baliwag Transit, darating ka sa trabaho mo laspag ka na.

LJ: Hindi pa Baliwag Transit noon.

ER: Oo, at saka ang suweldo ko kuwatro pesos.

LJ: Anong year po ito?

ER: 1957. Nagsulat ako mga 1960. Anyway nang matapos ako sa probinsiya mga 1959. Nakahagilap ako ng isang *Liwayway*. Nagbasa ako. Sa kawalan ng magagawa gumawa ako kuwento para sa "Bagong Dugo." Hindi ako nagpadala sa "Bagong Dugo" mismo. Nagpadala ako sa *Liwayway* talaga. Ang unang istorya ko nagustuhan ni Liwayway Arceo na siya mismong sumulat sa akin. Kasi kapag bagong awtor ipinapasok sa kaniya. Hindi ko alam ang "Bagong Dugo." Basta lumabas ako doon.

LJ: Makinilyado o sulat-kamay ang ipinadala mo?

ER: Makinilyado. Pero lapis ang ipinansusulat ko.

LJ: Muna.

ER: Alam mo may paraan ako sa lapis kasi hindi ako makabili ng lapis. Paikli nang paikli ang lapis hanggang sa hindi mo na mahawakan. Rorolyohan ko ng papel saka tutupiin ko doon sa dulo, ididikit ko rito. Okey na iyon. Pagdating ko sa Maynila, tataypin ko. Hindi ako nahihirapan sa pagsusulat. Kung magsulat ako, ako ang bida sa kanilang lahat. Nakita ko ang barkada ko na inabutan ko riyan—sina Roger Sicat, Efren Reyes, Ave Perez Jacob, Dominador Mirasol, Rodolfo Salandanan, Aurelio Dacanay, at kung sino-sino pa.

LJ: Pero 1960 ba iyon? Mas maaga pa yata.

ER: Hindi, 1960 iyon.

LJ: Parang nababasa ko kayo hay-iskul ako.

ER: First award ko sa Palanca is 1961. Ako ang kauna-unahang bagong dugo na nanalo sa Palanca.

LJ: Parang nabasa kita bago pa iyon. Parang 1959 nabasa na kita.

ER: That was in 1961. Alangan namang kapapasok ko lang ngayon, after a year nanalo na ako sa Palanca. Ewan ko. Pero ganoon.

LJ: Ano ang titulo ng una mong isinulat?

ER: "Unang Patak ng Luha." Ito'ng magandang parte ng pagsusulat ko. Pagdating ko roon lahat sila pa-impress.

LJ: Sino po sila?



ER: Lahat sila na mga co-writer ko. Kapag nag-uusap sila, mga Steinbeck, O'Hara. Kung sino-sinong mga lintik na hindi ko kilala. Mayroon silang mga symbolism, stream of consciousness, flashback. Hindi ko alam lahat iyan. May battery of editors headed by Agustin C. Fabian. Ang nahalata ko, technicalities lang sila. Hindi ako nagsusulat ako nang tulad nila na puro katayugan. Ako para lang magkapera. Halimbawa nagkarera ng bangka, ang manalo napangasawa ni Petra. Tapos na. Paano mo kukuwestiyunin iyon. Sila mga katayugan, hindi naman sila nagkakapera. Kapag nagkapera sasabihin sa akin ni Ave, "Nakakatulog ka ba? Di ka ba sinisingil ng pinagputahan?" Sabi ko, "Ave, nakikiinom ka rin sa pinagputahan ko." Ganoon kami. Tapos mag-uusap silang *An American Tragedy, The Sun Also Rises*. Kung ano-ano ang mga dala nila. Wala akong dala basta kapag nagsulat ako tapos. Nakakasingil ako.

LJ: First batch ba kayo doon?

ER: Oo, first batch. Makikita mo doon sa mga typewriter nila kung sino-sino'ng nakalagay. Sina Borges, Pasternak, mga ganoon. Ako ang inilalagay ko Zane Grey. Kung minsan naroon sina Amado V. Hernandez, Andres Cristobal Cruz, Pacifico Aprieto. Kung sino-sinong mga guest, matitindi. Nagko-comment sila. Tapos magbabasa kami. Susulat si Roger Sicat tungkol sa isang inang buntis, at paghihintay sa panganganak. Sasabihin sa kaniya ni Mr. Fabian, "Bakit nagbuntis ka na ba?" Ako, ayoko ng manggaganoon. Sasabihin sa akin ni Mr. Fabian, "Si Edgar ang champion dito. Puwedeng ipagpatayo ng monumento." Kasi ako, susulat ako sa umaga, sa tanghali naliligo na ako. Nakaisang istorya na ako noon. Sila nagpapakahirap pa. Ang isinusulat nila ilang araw nang revise nang revise hindi naa-approve. Kung minsan pupunta kami babalik kami sa Maynila wala silang istoryang na-approve.

LJ: Baka naman inom lang ng inom sila sa gabi.

ER: Nabubuhay ko na noon ang pamilya ko. Nakalipat na kami sa Quezon City. Okey na kami. Alam mo ang ginawa ko, di ba katakot-takot ang nabasa nila? Tinutukan ko ang pagbabasa. Siguro isang bahay ng libro ang nabasa ko. Hindi ako naniniwala na mayroong sinuman sa mga co-writer ko na mas mahigit ang nabasa sa akin. Minsan isinama ako ni Celso Carunungan. Ipinakita sa akin ang bahay niya sa may Taft Avenue. Sabi niya, "Alam mo ba na with these number of volumes, I could open a college?" Sabi ko "Ako'y hindi nakatapos ng college." Ang sabi ng kasama ko, si Doming Mirasol yata, "Nababasa n'yo ba sir lahat 'yan?" Aniya, "Hindi lahat pero karamihan diyan nababasa ko kasi marunong ako ng speed reading." Sabi ko. "Cel, kung magbasa ako ninanamnam ko iyong sayaw ng lengguwahe. Binibigkas ko sa isip ko ang bawat kataga." Kasi sa akin hinahanap ko sa lahat ng arte, musika. Kapag wala akong nakikita kahit sa tula, ayaw ko. Hanggang ngayon ganoon ako. Ninanamnam ko. Hindi ako bibili ng abridged. Gusto ko unabridged. Alam mo si Hemingway, lahat nabasa ko. Alam mo pinag-aaralan ko kung anong dapat kong basahin. Mga review about the

authors. Si Hemingway, ang isa sa mga condemned na libro niya ay *Greenhills of Africa*. Si Hemingway mahilig iyan sa deep sea fishing at mountain climbing. Ngayon, doon daw sa *Greenhills of Africa*, nag-experiment si Hemingway kung puwedeng pag-asawahin ang fiction at true experience. Iyon daw ang failure niya. Pangit daw iyon. Naghanap ako. Ibig kong malaman kung paanong sumulat ng pangit ang pagkaganda-gandang sumulat. Nang basahin ko ang *Greenhills of Africa* bilib na bilib pa rin ako. Ina-appreciate kasi nila ang istorya. Ako ang ina-appreciate ko ang lengguwahe. Ang istorya is always there. Appreciate-in mo iyong lengguwahe. Halimbawa mayroon siyang baril na hindi masyadong ginagamit kasi masasiwa siyang kalabitin. Sa kaniyang libro kapag may dumarating na horrible hindi niya iyon ginagamit. Idini-describe niya ang gatilyo ng ripleng iyon. Mahirap mag-describe nito. Eksaktong-eksakto. Sabi niya, "It is like the last turn opening a sardine can." Kung marunong kang magbukas ng abrelata, ang kakapiraso na lang ang pinakamahirap. Huling-huli niya. Nang magbasa ako talagang sa isang bahay ang binasa ko. Lahat ng philosopher at historian, binasa ko. Alam mo ang isang bagay sa akin kahit saan ako tumuro, intense ako.

LJ: Saan ninyo nakuha ang pagiging intense?

ER: Sa tatay ko. Ibang klase ang tatay ko pero alam mo kung hindi kayo magagalit sa akin. Ito naman inaamin ko lagi. Ako ang pinakamasayang tao sa mundo nang mamatay ang tatay ko.

LJ: Bakit naman po?

ER: Pagtatluhin mo si Hitler, iyon ang tatay ko. Halimbawa 't tag-ulan. Umuulan. Kapag sinabi ng tatay ko na umaaraw, maniwala ka.

LJ: Kaya imaginative ka.

ER: Hindi. Ang sinabi niya walang nakakabali doon. Lagi akong binabatukan at hindi ako makakibo. Mahal na mahal niya ang sinundan kong kapatid na babae. May itsura iyon. Tapos nagtanan. Sa higpit niya ayaw niyang paligawan. Nagtanan. Pagdating sa bahay, ako ang unang binatukan. Ano'ng kasalanan ko. Sa hapag kainan, ang da best ibibigay sa nanay ko. Walang makikialam doon. Ang balun-balunan, sa tatay ko iyon. Ako, hindi makakuha ng ulam. Halimbawa dalawa ang ulam. Ang may pribilehiyo ay tatay ko at nanay ko, saka iyong malalaki. Kapag kumuha ako ng dalawang ulam, titingnan ako ng tatay ko. Mamimili ka lang ng ulam na gusto mo. Ang pangalawa huwag kang kukuha noon. Pagkakain, dadapa ako. Tatlong palo. Pang! Sinturon. Papangaralan ako, pang! Papangaralan ako, pang! Nang namatay ang tatay ko, alam mo for the first time nakapagpagupit ako nang hindi nagpapaalam. Bakit naman hindi ka magiging masaya niyan? Ako'y pupunta lang diyan sa labas, iihi lang ako, nagpapaalam pa ako. Kung tawagin ako noon Gardo. "Gardo," hindi uulitin iyon, "Nasaan ka. Tinawag kita." Hindi ko puwedeng sabihing hindi ko narinig. Ibig sabihin malayo ako. "Huwag kang lalayo sa akin. Dumapa ka." Ganoon ang tatay ko. Pero anyway, hayop magtrabaho iyon. Walang sinabi ang foreman. Ang galing ng utak. Pulidong-pulido magtrabaho, doon ko minana iyon.

LJ: Ituloy mo ang istorya ng kabataan mo.

ER: Sa *Liwayway* ako ang kauna-unahang nag-Palanca. Ako ang kauna-unahang nobelista roon.

LJ: Ano ang una mong nobela?

ER: Nakalimutan ko na e. Kami nina Anghel Fernandez at Mr. Fabian.

LJ: A ganoon ba? Nagsama ba kayo?

ER: Oo, pero ako ang sumusulat. Nakalimutan ko na. "Anak ng Bohemyo." Isang pangit na istorya. Sabi ko kay Pete (Pedro Ricarte) hindi ko alam ang Palanca. At naggagawaan sila ng istorya. Nanalo na pala si Pete. Sabi ko, "Pete, pabasa nga ng 'Kuwentong Estero' kasi nanalo na iyon. Ibig kong makita kung ano ba ang porma ng istoryang nananalo sa Palanca." Kung ako ang judge na humatol doon, sasabihin kong hindi nakakaintindi ng mundo ang sumulat. Si Pete Ricarte, umuuwi siya sa isang lugar na may bar kung saan may estero. At diyan nga dumadaan siya sa isang estero na laging may gulo. Supposed to be symbolism daw ng future. Laging ganoon. At sa tuwing dadaan siya doon, nagbabatuhan ng bote, nagsusuntukan. Walang ganoong lugar.

LJ: Nanalo iyon?

ER: Oo.

ER: Sumulat ako. Point of view ng bata. "Pam-Palanca ito a," sabi ni Bienvenido Ramos. Gusto mo, bigyan mo ng title? "Hindi Maabot ng Kawalang-malay," sabi ni Ramos. Dapat akong maniwala sa mga beterano. Naniniwala ako sa kaniyang pam-Palanca. Binasa ko ngayon sa lodo. It was never meant na para ilathala ng *Liwayway*. Pero binasa ko sa lodo dahil ibig kong malaman kung sasabihin man lang hindi pang-*Liwayway*. Ibig kong malaman nila na ako'y sumusulat ng bago ngayon. Naroon silang lahat. Naku wala pang kalahati, nagkomento na si Agustin C. Fabian. Parang tatay ko iyon e. Naka-swivel chair siya. Sabi niya, "It was a long, long story about nothing." Binalikan ko si Mr. Fabian. "Sir, ano ba ang susulatin natin? Ang talagang dapat nating sulatin. O ang inaakala nating magugustuhan ng mambabasa?" Tiningnan ni Fabian si Karasig, "May ibig sabihin itong batang ito, a."

LJ: Ilang taon kayo noon?

ER: Mga 19, 20.

ER: Ngayon nag-away kami ni Mr. Fabian. Hindi ako nagsulat sa *Liwayway*. Nagsulat ako sa *Bulaklak*. Ang bayad sa akin sa una beinte singko, sa huli sisenta pesos.

LJ: Sir, nanalo na kayo. Umalis ho muna kayo bago nanalo ng Palanca?

ER: Hindi. Hindi ko isinali iyon.

LJ: Umalis na kayo?

ER: Hindi pa. Papunta-punta lang. Pero hindi ako nagsusulat. Hanggang sa nanalo.

LJ: Porke nanalo na kayo.

ER: Kauna-unahang "Bagong Dugo" na nanalo sa Palanca. Nagpupunta ako sa *Liwayway* kahit hindi ako nagsusulat doon, dumadaan ako sa kaniya. Si Mr. Fabian, mataas na lalaki. Kung tawagin siya "Tangkad." Isang araw dumating ako doon. Nakita niya ako sa library. Putsa, biglang tumigil. "Andito ka pala. Halika nga." Pumasok ako sa office niya. Sabi niya, "Pinagmamalakihan mo ako e. Hindi mo alam na gagawin kitang nobelista." Alam mo ang ginawa? Doon sa opisina niya, nandoon si Andres Cristobal Cruz, si Celso Carunungan at saka si Laudico. May pinaalis sa mesa. Ang iniwan ni kuwan na puwesto, doon ako inilagay.

LJ: Nagkaroon ka ng mesa.

ER: Oo.

LJ: Sa lodo pa.

ER: Ako'y manunulat ng *Liwayway* pero wala akong suweldo. Parang guest writer ang papel ko. Kapag may singil nababayaran ako. Kaya nagpunta ako doon. Sabi sa akin ni Mr. Fabian, "Alam mo bumababa ang sirkulasyon ng *Liwayway*. Nagugustuhan nila ang mga sinusulat mo. Pakikinabangan ko ang husay mo. Puwede ka bang maging editor?" Sabi ko, "Editor saan?" "Sa lahat." Nawalan ng puwesto si Esperanza Cruz, si Manuel Car. Santiago. Lahat ng istorya, dumadaan sa akin. Sabi ni Mr. Fabian "'Wag n'yong lalagyan ng pangalan baka matakot si Edgar." Alam ko rin iyon. Kung tawagin ako doon, the super editor. At 20, ako ang super editor. Si Amado Hernandez dumadaan sa akin, pati iyong *Ibong Mandaragit*.



LJ: Niyari ninyo iyon?

ER: Oo. Inabot ko pa si Caravana. Dumadaan lahat sa akin ang nobela. Susana de Guzman. Lahat sila dumadaan sa akin. Wala naman akong dinis-aprub. At naire-revise ko sila. Kaunti lang para lang ma-exercise naman ang pagka-editor. Alam mo ang sabi sa akin ni Virgilio Blones? Siya ang tumawag sa akin. "Alam mo super editor ka rito, lahat ng tao rito galit sa iyo. Alam mo ba na si Mr. Fabian e magre-retire na next year? Pag nag-retire 'yang boss mo, mag-retire ka na rin." Noong mag-retire si Mr. Fabian, tumatakbo na ang nobela naming "Anak ng Bohemyo." Tinawag ako ni Mang Basyong, Gervacio Santiago, at ang sabi "Ang mga bida mo pag-awayin mo. Tapos na iyan." Pinag-away ko ang bida at kontrabida, pagkatapos ng dalawang kabanata, tapos na. Lumipat ako sa *Kislap*.

LJ: Anong year po iyan?

ER: Mga 1963. Kaya kami nagkasundo ni Tony Velasquez (ng *Kenkoy* fame), kasi iyon ang hindi takot sa akin. Lahat ng na-meet ko na tao takot na ako'y mukhang matayog.

LJ: Insecure.

ER: I was setting the standard na kapag pinatulan nila, sila ang unang-unang hindi maka-aabot. Ganoon ang nangyari sa akin kung bakit nireject nila ang "Bagong Dugo." Nagse-set kami ng standard sa writing na kapag tinanggap, sila ang unang-unang hindi makakaabot. Nagmiting kami nila Ave diyan. Baguhin natin ang lengguwahe. Ang dami naming inalis. Kapag nagkaroon ng problema ang protagonista, ang sasabihin "Parang pinagtakluban ng langit at lupa." Wala na iyan. Wala na ang "Dumungaw, tumanaw nang malayo," "Bumuntong-hininga," o "Kumikirot ang puso" kapag may problema ang tauhan. Tingnan mo ang istorya namin. Ni ang "puso" ayaw banggitin maliban na lang kung inaatake ka sa puso.

LJ: Sa *Kislap* po iyan o sa *Liwayway*?

ER: Sa *Kislap*.

LJ: Ang patakaran na iyan, sa *Kislap*?

LJ: Hindi. "Bagong Dugo" sila.

ER: Sa *Liwayway* pa iyon.

LJ: Mga manunulat ng "Mga Agos sa Disyerto." Si Efren Abueg ano ang tingin mo noon. Siya ang pinakamasipag sa inyo noon.

ER: Nang dumating siya ay propesyonal na. Hindi dumaan sa "Bagong Dugo" si Efren. Komo halos magkakaedad kami, itinuring namin siyang kabilang sa grupo.

LJ: Nagbabasa ako noon ng *Aliwan*, *Bulaklak*, nandun siya. Araw-araw linggo-linggo ang kuwento niya.

ER: Alam mo ang sikat noon ay si Ave Perez Jacob. Noong mukhang magaling na akong sumulat, sumulat na ako ng matitindi. Naiwanan silang lahat. Isipin mo na katakot-takot ang karanasan ko sa konstruksiyon. Hindi ko isinusulat ang daang bakal. Karanasan ko iyon. Hindi ko isinusulat kasi hindi pa ako marunong sumulat. Ang patakaran ko batay sa karera ng bangka. Nag-aaral pa lang ako sumulat, bakit ko sasayangin ang magagandang paksa? Noong ako'y bago pa lang sumusulat, wala pa akong nakita ang lengguwahe noon. Pero noong nangangaral ako sa kanila, naniwala sila sa akin. Kaya ko naisulat ang *Sa Mga Kuko ng Liwanag*. Sinulat ko iyan noong hawak na hawak ko na ang lengguwahe.

LJ: Paano mo nalaman iyon?

ER: Nakapagbasa na ako. Alam ko na iba na ang isinusulat ko. Nakita ko ang sinusulat ko'y may musika. Makikita mo doon sa *Sa mga Kuko ng Liwanag*. Ang mga intro daw ng mga kabanata sa *Sa Mga Kuko ng Liwanag*, poetry daw iyon.

LJ: Namana ninyo ba iyan o likas sa inyo ang tainga sa musika?

ER: Marunong lang akong makinig. Hindi ako marunong lumikha pero marunong ako makinig.

LJ: Mahilig ba kayong makinig ng radyo noon?

ER: A, oo. Nabanggit mo iyang radyo. Napasok ako diyan noon bilang komentarista. Taong 1969, pambansang halalan—huling halalan bago nag-martial law. Sa panguluhan, kandidato para reeleksiyon si Marcos (Fernando Lopez para sa bise) laban kay Sergio Osmeña, Jr. (Gene Magsaysay para bise). Mula sa pagiging piyon sa konstruksiyon, marami nang nangyari sa akin. At noon, editorial consultant ako sa GASI (Graphic Arts Service, Inc., isa sa mga kompanya ni Don Ramon Roces), publisher ng *Kislap Magazine* at ilang komiks. At tipong bilib sa sinusulat kong mga kamaisan ang general manager, si Tony Velasquez. Isang umaga, dinala ako ni Mang Tony kay Don Ramon para sa isang proyekto. Malapít pala si Don Ramon sa dating pangulo, kay Monching Magsaysay. Dahil doon, ibig tulungan ang kandidatura ng kapatid ng huli, si Gene. Pero para daw madala si Gene, kailangang tulungan na rin si Serging. Ano kaya ang magagawa namin? Ginamit namin ang noo'y popularidad ng komiks sa masa. Lahat ng backcover ng mga komiks sa GASI, sa halip na anunsiyo, editoryal (na ako ang sumusulat) ang aming ipinagsasakay, kompleto sa cartoons (na ako rin ang umiisip





*Birthday party para kay EMR, Sept 20, 1997. Place: Farmhouse in Antipolo. From left to right: youngest daughter Andromeda (now in UP), Eddie Roque, Joe Lad Santos, myself, eldest son Jeric, son-in-law Maning Maristela (bother of Tina Maristela, the model), and daughter Mira (now with Miriam, professor).*

pero iba ang dumodrowing). Pulos banat kay Marcos at sa kaniyang administrasyon. Kinontak ako ng media director ng Nation-Ad, ang advertising outfit (may opisina noon sa Magsaysay Bldg. sa Roxas Boulevard) na publisista ng tambalang Osmeña-Magsaysay. Nagugustuhan daw nila ang editorial-cartoons na lumalabas sa mga backcover ng aming mga komiks. Puwede raw ba akong "umekstra" sa grupo nila? Kanila pala ang noo'y programang *Kuskos-Balungos* na on-air tuwing alas-siyete ng umaga (prime time) sa DZRH. Kaso, ang komentarista ay nakuha na raw ng kabila. Ang time slot na binabayaran nila, pinasakan na lang muna ng patu-patugtog ng musika. Puwede raw ba akong sumulat ng political commentaries pangkalahating oras araw-araw? Babasahin sa ere ng kanilang makukuhang bagong komentarista. Nagkasundo. Gumawa ako ng sampol. Dinala ko sa Nation-Ad. Gusto nila. Kaso wala pa raw silang nakukuhang bagong komentarista. Mayroon daw ba akong mairerekomenda? Kung ako na lang daw para wala nang iskrip-iskrip, diretso na? Tinanggap ko ang

hamon. Kinabukasan ng umaga bago mag-alas-siyete, naroon ako sa harap ng istudyong iyon ng DZRH. Tatlong minuto bago ang aking oras, binuksan at pinapasok ako. Ang bagong komentarista ng *Kuskos-Balungos*. Dinatnan ko sa lobo sina Frankie Evangelista at Rollie Grande. Sinamantala ko ang mga natitira pang sandali, inamin ko kay Frankie na hindi pa ako marunong, hindi ko alam kung paano pakikialaman ang mga aparato. Tinuruan ako ni Frankie. Iyon, ang pagbo-board ay napag-aralan ko sa lobo lang ng 30 segundo. Nagsimula ang aking programa. Bumati akong magandang umaga sa madlang pipol, nagpakilala sa pangalang "Eddie Mata," ang bagong tagapagsalita. Banat na, arya. Nakaraos. Ang sumunod na mga araw, minamani ko na lang. Nagrerekording ako at sa bahay, napapakinggan ko ang aking sarili. Na maraming nakikinig, pinatunayan ng bulto ng mga sulat na tinatanggap ko—bagama't kalahati ay nananakot, pinagbabantaan ang buhay ko. Okey lang. Kasama sa hanapbuhay wika nga. Enjoy na enjoy ako. Lalo't naaalala ko na nang maalis ako noon sa Radio Center, bilang officeboy, mensahero, diyanitor, atsoy. Bumalik ako doon pagkaraan ng 12 taon bilang isang radio commentator.

LJ: Marami talaga kayong pinagdaanan.

ER: Alam mo minsan inimbita ako ni Mona Highley. Mayroon pala siyang translation sa Ingles ng *Sa Mga Kuko ng Liwanag*. First chapter ipinakita sa akin. Hindi ko nagustuhan. Medyo mababanggit ko si Ricky Lee ano. Isinama siya ni Bert Antonio sa bahay. Gustong-gusto akong makita ni Ricky Lee. Dumating sa bahay si Ricky Lee. Pinainom ko siya. Sa harap ko, si Ricky Lee frozen. Pantay na pantay ang sapatos. Lumipas ang maraming panahon, nanalo na si Ricky Lee ng Palanca. First Palanca award. Tapos punta sa akin si Rogelio Sicat. Binanatan ako ni Ricky Lee sa *Philippine Collegian*. Ang *Sa Mga Kuko ng Liwanag* kinatay niya.

LJ: Nirebyu

ER: Sabi ni Roger, sagutin mo. Pero sagot ko, hindi ako sumasagot sa ganyan. Mayroon akong sariling sukatan. Ke papuri o pintas, ako'y naniniwala sa sarili ko. Siyempre, alangan naman na naniniwala ako sa lahat ng papuri, tapos pintas nire-reject ko. May galit yata sa akin si Ricky Lee. Hindi ko binasa. Ibinasura ko. Ang sumagot si Roger. Dalawang pahina sa *Collegian*. Dumating si Roger dala ang sagot niya kay Ricky Lee. Hindi ko rin binasa kasi magbibigay sa akin ng idea sa rebyu ni Ricky Lee. Kinalimutan ko na. Heto ngayon, napunta ako sa Bureau of National & Foreign Information (BNFI). Hindi ko maintindihan kung bakit ang mga co-writer ko galit sa akin. Basta't iyan ay galit sa akin at malalaman mo kapag nagkaroon sila ng power. Noong magkaroon ng Martial Law, mayroong Mass Media Advisory Council, si Mijares, ano. Si Diego Cagahastian ang na-assign sa Roces publication. Nagsusulat ako doon. Sa Gasi, ang na-assign naman ay si Doming Mirasol. Alam mo ang una nilang ginawa, alisan ako ng hanapbuhay. Tigil lahat ng aking akda. Kasama ko araw-araw itong mga lintik na ito. Pagkatapos nang sila'y magkaroon ng power through Marcos, ginanoon ako. Ako, walang hanapbuhay. Pagkatapos napunta si Doming sa BNFI. Naroon si Andres Cristobal Cruz. Kinuha ako ni Blones sa BNFI. Giniyera nila ako. Ito'y giyerang nilikha nila, pupuntahan ko sila. Naroon kami sa pagpuputa. Magpuputa rin ako sandali. Medyo mahusay akong empleado. Ang head namin ay si Larry Cruz, anak ni Abe (Emilio Aguilar Cruz). Pedro Lorenzo ang boss namin. Si Abe, tatay niya. Naging propesor ko iyon. Magaling iyon. Anyway, sandali lang ay nasibak itong si Besamin. Sibak sila pati si ano. Sabi niya take over na. Siya raw ang pumalit kay Liberato Mariña, si Doming Mirasol.

LJ: Pero hindi kayo nag-away ni Mirasol?

ER: Frontal? Hindi.

LJ: Hindi rin kayo nag-away ni Andy Cruz?

ER: Hindi. Di ko pala naikuwento 'yong kay Ricky Lee. Nakalimutan ko. Ibinasura ko pareho ang rebyu at ang sagot sa rebyu. Lumipas ang panahon. Iyon pala ang dahilan kung bakit naikuwento ko ang BNFI. Ngayon, medyo magaling na executive ako doon. Bilib sila sa akin. Puro taga-UP ang naging newswriter ko. Anyway, isang iskolar, si Jose Umali, galing ng UP.

LJ: A, oo, kilala ko 'yon.

ER: Alam mo, magaling na writer iyon, magaling pang tao. Sabi sa akin isang araw, nasa labas si Ricky Lee kakausapin daw ako kasi mayatraso daw siya sa akin. Hihingi raw siya ng dispensa. Sabi ko, "Joey, hindi ko pinatulan iyan. At saka hindi ako galit sa kanya. Sabihin mo sa kanya, wala siyang dapat ihingi ng dispensa." Sincere ako doon.

LJ: Pumasok ho siya, hindi na?

ER: Hindi na. Hindi na. Kasi nagtatrabaho ako.

LJ: Sumali ka sa *Liwayway* novel contest?

ER: A hindi, una iyon. Dalawa iyon—1963 at 1964. Ito naman ang istorya ng *Sa Mga Kuko ng Liwanag*. Nanalo na ako sa *Kagubatan ng Lungsod*, tapos tumuklas sila ng nobelista. Bakit pinagsasabmit pa nila ako ng synopsis kahit natuklasan na nila ako. Kasama sa humahatol sina Laudico, Clodualdo del Mundo, Celso Carunungan. Pinagsasabmit ako ngayon ng synopsis. Hindi sana sila patatawarin ng history. Alam mo nang isinabmit ko iyon, it was rejected on 27 counts. Nakalagay doon *Sa mga Kuko ng Liwanag*, paano ko susulatin. Sa madaling sabi, iyon ang kabasu-basurahan sa lahat ng nobela. Ngayon para lang ma-slight sila, ito ang ginawa ko. Isinulat ko pa rin. Tutal ang contest ay under pen name.

Isinabmit ko. Nagkaroon sila ng problema ngayon. Paano mo ipatatalo sa contest ang ganoong klaseng nobela. Alam mo naging solusyon nila? Pinapanalo, naging second prize. Kamahal-mahalan ko iyong nobela. Iba ang ginawa ko doon. Talagang ubod ng kinis iyon sa palagay ko.

LJ: May formula kayo sa pagsusulat?

ER: Wala. Kapag nag-formula ka formula din lalabas sa iyo. Sa UP naglelektiyur ako sa isang klase ni Prop. Ligaya Tiamson Rubin. Dumating sa plotting ang usapan. Hindi ako iyong uupo sa harap ng makinilya mag-iisip ng susulatin. Mayroon akong púno ng mga istorya. Tuwing may maiisip ako na idea, kinakabit ko doon, ginagawa kong bunga, pinapahinog ko. Lahat na iyan kinakantiko araw-araw. Mayroon akong nakikita na nirereject ko. Mayroon namang talagang madaling mahinog. Padagdag ako nang padagdag ng puwede at patapon nang patapon ng hindi puwede. Ganoon ako mag-plotting.

LJ: Kapag kinakanti ibig sabihin sinusundan ninyo?

ER: Hindi. Iniisip mo kung paano ang gagawin mo. Saan pupunta. Kasi kapag nagsusulat ka, gist o theme ang sa iyo. Paano mo ide-develop ang istorya? Lagi akong tema. Wala akong istorya, wala akong karakter. Tema muna. Nagkakaroon ng karakter iyan na kung minsan hindi pala puwede. Tatanggalin ko. Mayroon namang bago pa lang ay isusulat mo na kaagad. Mahihinog kaagad.

LJ: Alam mo maitatanong ko, hindi ka ba nabubulukan?

ER: Hindi.

LJ: Hindi, hinog na e.

LJ: Talagang mayaman kayo sa karanasan.

ER: Oo. Ang advantage ko iba sa *Liwayway*, wala ako sa eskuwela pero ang yaman ko sa karanasan. Sana kung nag-aral ako, I would say na mas magaling. Naghabol ako noong nag-aral ako. Kaya lang bobo yata naging propesor ko. Si Abe Cruz (Emilio Aguilar Cruz) ang gusto kong propesor. Bobo na siguro iyong iba. Nakilala ko din si Joe Quirino. Bilib siya sa mga article ko. Mayroon siyang kolum sa *Mirror*. There was a time ang mga lumalabas doon, sa akin. Hinihingian niya ako tapos ilalabas niya; wala na siyang trabaho. Niloloko ako nito, sabi ko. At supposed to be ako ay tatanaw pa ng utang na loob sa kaniya. The first, second, third article, tuwang-tuwa talaga ako. Noong naging habitual, puta ayaw ko na.



LJ: Di ka binibigyan ng kredit?

ER: Inilalagay naman na ako ang sumulat. Wala iyon, wala. Ito. I have a good story about Al Mendoza. At noong wala siyang hanapbuhay, may korning kolum ako sa basketbol. Sabi ko "Al, para magkaroon ka ng hanapbuhay, sa iyo muna 'yan.'

LJ: So hindi siya sports writer dati.

ER: Sa *Kislap* siya dati, kumita siya nang kaunti. Nakilala rin siya sa *Bulletin Today*. Pagkatapos sumikat na. Napunta sa *Inquirer*. Si Al Mendoza ay nagpupunta sa bahay para lang tulungan ako. Siya ang nag-aalaga ng dalawa kong anak na maliliit.

LJ: Talaga?

ER: Ito ngayon si Al Mendoza. Si Joseph Estrada kandidato noon for senator. Sumusulat ako sa lahat ng diyaryo para kay Joseph. Bilib na bilib si Raul de Guzman na dating Bise Presidente ng U.P. Nagtitiwala si Joseph sa akin noon. Sabi niya, lumalabas sa (binanggit ang isang malaking magasin) ang lahat ng candidate for senator. Sabi ko, "May presyo 'yan." Ibig ko ngayong makuha ang koneksiyon ni Al Mendoza. Tawag ako sa kaniya. "Al, Edgar here." "Sinong Edgar 'yan." "Puta, Al, kailan ka pa wala sa serbisyo? "Hindi. Sino ka? Sinong Edgar 'to." "'Yong nobelista." Minura ko, Ayun, nakipagkita. Driver ang nakipag-usap sa akin, baka raw sapakin ko. Akin ang buong Greenhills noong panahong iyon. Erap time. Dumating din si Al. Alam mo katwiran sa akin, marami raw threat sa kaniya. Sinisigurado daw niya na ako si Edgar. Kung pinatawad ko siya, only to help Joseph. Sabi niya, "Alam mo may bayad 'yan." Ni-layout sa akin ni Al. May cut-off period kasi. Hindi na puwedeng mag-advertise ang politiko. Habang nalalapit, pamahal nang pamahal. Ang pinakamahal ang huling article na puwedeng lumabas. Kinabukasan sana. Nangangailangan kami ng tatlo na lang. Lingguhan ang magasin. Ibig ni Joseph lumabas doon. Sabi ko kay Jesse Ejercito, "Pag nakalabas siya, Joseph would come out anyway. Siguro madadagdagan lang ng boto. With that, he would come out anyway."

LJ: Tinuruan ba ninyo siyang magsulat?

ER: Hindi ako nakakapagturo. Si Al Mendoza, kaya nakakapagsulat ng ganyan, mayutak. Ang pinapansin ko lang ay ang pagkatao niya. Ang pinagdaanan niya. Nagputa kami sa Press Club. Noong araw sina sabi ko magsulat ka doon sa akin, nagsulat siya. Alam mo ba magaling ako sa golf. That's what you do not know. Si Al huli na lang. There was a time, sabi sa akin ng editor noon ng *Kislap* na si Ramon Marcelino, "Koberin mo nga 'yong mga gago na 'yan, 'yong mga kandidato." Okey, gustong-gusto ko, kasi reporter ang dating ko sa *Kislap*. Ito

ang flashback. Si Rene Sebastian kandidato for councilor of Angono. Si Totoy Antonio kandidato for congressman of Rizal. Si Banjo Laurel kandidato for mayor ng Tanauan. Ngayon, si Boy Asistio kandidato for councilor of Caloocan. Sa madaling sabi several of them isinerye ko. Pagkatapos noon, lintek ang kasama ko, lahat ng pinakamatitindi sa Maynila. At nakita ako, walang uubra kay Banjo. Si Banjo ang hari. Ininterbiyu ko lahat iyan. Nakapag-goodtime ako. Nabarkada ako kay Boy Assistio. Si Boy Asistio tipong playboy at golfer. Kapag Sabado, kaniya ang sabong sa Sangandaan. Dumarayo doon si Titong Singson, kapatid ni Chavit. Natuto akong mag-golf. Naglaro ako sa Wack Wack. Ayokong basta lang marunong ng golf. Gusto ko magaling ako. Bumibili ako ng mga gamit. Sa equipment, you have to spend a lot para makakompleto ka. Fourteen iyon. Kung magpraktis ako sa Camp Aguinaldo, gabi-gabi. Marami akong pera noon. Glory days. Lagi akong kasama ng mga barkada ko. Sina Eddie Roque. Hindi masarap na nag-iisa ka. Dapat marami kayo.

LJ: Nagsisisi ba kayo sa mga glory days, lost opportunity?

ER: No regrets. Mabuti nga tinamo mo. May mga punto ng buhay na dapat hindi mo ginawa. Dapat magsisisi ka…if you are not a wrtier. Ewrtier ako. Lahat ng bagay ng pagkakamali ko, pinakinabangan ko sa pagsusulat ko. May advantage ang wrtier. Sa wrtier walang mistake. Pakikinabangan mo ang mistake mo. Karamihan sa sinulat ko produkto ng mga karanasang iyon. Hindi ko isinusulat ang aking tamang ginagawa. Alam mo ba na ang pinakamahalaga sa buhay ay memory? Pure memory. Ang present wala iyon. Hindi mo pa alam kung ano iyon. Don't forget it. Pakikinabangan mo iyan sa buhay mo. Kasi totoo na iyon. Walang pinakamahalaga sa mundo kundi ang binabalikan mo na. Ang pinakakawawa ang tao ay ang walang babalikan. Iyong kaunti lang ang memory. Alam mo ang best song? Ikaw ba inaawit mo ang tagumpay mo sa pag-ibig? Ang inaawit mo ay ang mga kabiguan. The best song is a sad song.

LJ: Nabanggit ninyo ang mga manunulat, may sumusunod na malapit sa inyong yapak?

ER: Hindi ko sinusukat ang kapuwa ko. Malay ko kung mayroong magaling sa akin. Hindi ko alam iyon. 'Wag mong pakialaman ang labas sa mundo mo.

LJ: Kung pinakialaman naman kayo.

ER: Ay, pakikialaman ko rin siya. At magkikita kami. Kagaya nga ni Ricky Lee. Payag naman ako na magkikita kami. O alam mo sikat iyan sa pelikula. Pero wala iyang pelikula. Pinakamadaling sulatin iyan. Ang magpe-prevail, literature. Ang ginagawa ni Ricky Lee is not part of literature.

LJ: Makakakumpetensiya mo siya?



*(Mula sa Kaliwa) Romulo P. Baquiran, Jr., Pambansang Alagad ng Sining Virgilio S. Almario, Edgardo M. Reyes, Rogelio Mangahas at Vim Nadera sa kaniyang tahanan sa Taytay, Rizal.*

ER: Wala sa isip ko 'yon. For several times, laging nominee ako sa FAMAS, Star Awards, pero wala sa akin kahit matalo. Kapag nanalo, hindi ko kinukuha o tinatanggap ang tropeo. Wala sa akin ang award-award. Inalok ako ni Mike Bigornia ng award, tinanggihan ko. This is an old position. Pero tingnan mo, nanalo si Carlos Quirino ng National Artist for Literature. Wala akong away kay Carlos Quirino pero history is history, not literature. Pero mamamatay na kasi, naka-wheelchair, ginawa nang National Artist. Nagbago bigla ang category. In-accommodate. Sana binigyan siya ng ibang award at recognition. Sana pangalagaan iyan. Kakaunti lang iyan. Maraming deserving pero pinalabnaw nila ang katayuan ng mananalo. Mahirap manalo diyan. Huwag sana nilang gawing ganoon kadali. At walang awa-awa diyan.

LJ: Gusto ninyong mag-mentor sa mga bata, sa mga young wrtier?

ER: Inalok ako na magturo ng UP noon. Magsasabmit daw ako ng curriculum vitae. Gusto kong magturo sa ilalim ng puno ng mangga. Nagturo na ako minsan, sa PCC. Si Beloy Crisostomo presidente ng PCC malaki ang bilib sa akin. Puwede daw akong magturo kasi ang body of works ko equivalent ng MA. Dumating ako sa PCC Lepanto. Gusto ko sa Lepanto para malayo ako kay Beloy. Bakit gusto kong makapagturo? Sasabihin kong ako'y pagkahirap-hirap kaya hindi ko nakuhang makapag-aral, so bumalik na lang ako para magturo. Late ako ng two days. Ang lahat ng estudyante sa Malikhaing Pagsulat na kay Marcelo Lagmay

na. Sabi ni Celo, "Magtaas ng kamay 'yong gusto kay Mr. Reyes." Binawi ni Celo. Ang daming nagtaas ng kamay para sa akin. Mawawalan siya ng estudyante. Sa madaling sabi hinati namin. I don't give grades. Ayaw kong humatol sa sinuman. Ayokong hatulan ang aking klase. Sabi ko, "You grade yourself. Huwag n'yo akong lolokohin, kasi meron akong sariling numero, baka hindi magkita. I will fail you. Gaganti ako. Be honest. Kung ano ang dapat sa inyong sarili kasi mas kilala ninyo ang inyong sarili kaysa akin, pero meron akong sariling evaluation about you. 'Wag kayong lalayo riyan."

LJ: Ilang semester kayo?

ER: Laging isa. I taught everything but the subject that I have to teach. Kaya tumigil ako. Mukhang tama ang itinuturo ko pero mali sa kurikulum nila. Hindi ko alam ang itinuturo nila. Ang alam ko buhay. Pero enjoy na enjoy ang mga estudyante. Ito ang magugulat ka. Palaki nang palaki ang klase ko. Pati mga propesor attended and listened to me. "Akala n'yo na meron na kayong degree, everything will come up to you in a silver platter? No way. You will be surprised." Masisira ko kung ano ang ginagawa nila roon, di ba? Nakapaglektiyur din ako sa U.P. Doon minsan sa isang pulungan ng mga miyembro ng faculty, ginawa nila akong modelo o halimbawa ng isang manunulat na sa pagsusulat lang talaga kumikita, nagtataguyod ng pamilya, nabubuhay. Dito raw kasi sa atin, ang mga manunulat lalo't higit na kilala sa fiction, at sa sariling wika pa mandin, malamang sa hindi, gutom. Karaniwan na, hilig lang talaga ngunit sa ibang paraan kumikita. Maaaring may negosyo. Maaaring namamasukan. Maaaring nagtuturo sa paaralan. Pero iyong sa pagsusulat lang umaasa, bihira. Ako nga ang inihalimbawa. Sa open forum ay tinanong ako ng isang estudyante: Paano ko raw nagagawa iyon? Kasi, wika ko, wala akong pinag-aralan. Iyong may mga tinapos, sa sandaling mamulat na napakahirap mabuhay kung sa pagsusulat lang, may fallback position. Puwedeng magpraktis ng propesyon halimbawa. Ako'y walang gayong kaluwagan, walang fallback position puwera na lang kung nanaisin kong bumalik sa pagiging piyon ng mga tubero. Sa ibang salita, dugtong ko pa, isinumpa ako upang magsulat.

LJ: Mas marami pa kayong nasulat kung napunta kayo sa pagtuturo?

ER: Walang dadami ng nasulat sa akin. Napakasipag ko. Ako nagsusulat from the atrociously ridiculous to the grimly serious. Alam mo na sa *Kislap* ako, nagsusulat ako ng thirteen articles per issue? Kapag nakita akita susulatin kita. Nakakita ako ng lapis, susulat ako about pencil.

LJ: Paano ninyo nagagawa iyan?

ER: I don't know. Mayroon akong nasulat na article na bukas lalabas. Ang manuscript ko ang pinakamalinis. Makinilyado pa. Walang mistake. Kapag nakakita ka ng mistake, medyo suwerte ka. Ang naisulat ko siguro mga 5,000 articles. Puwede mong basahin lahat siguro. Pati ang interview ko sa mga butiki



Ang isinusulat ko ngayon, katarantaduhan pero lumalabas. Bukas it will come out in *Balita*.

LJ: Anong title?

ER: "Ang Mga Taong Basura" Heto: "Magandang halimbawa ang mga matataba na nagsisipagdiyeta upang makapagtapon ng sobrang mantika. Upang makapagpababa ng timbang. Sa kanila the biggest loser daw ay siya ring the biggest winner. Ang may pinakamalaking nawala, pinakamasaya. Nagpapagunita naman sa sining ng eskultura. Kukuha ka ng isang malaking tipak na bato sa uri ng kalagayang wala. Bato lang. Hahawak ka ng sinsil at ng maso. Tatapyasan mo. Sa bawat tapyas, nababawasan. Ngunit gayon din sa bawat tapyas umaanyo ang tinutungong kahulugan. Sa bawat sugat na nililikha ng talim ng sinsil, paganda nang paganda. Nababawasan ay nadaragdagan. Sinisira ay nabubuo." Na nagpapagunita rin, excuse me, sa aking isineryeng mga nobelang napipili kong isalibro. Ang isineryeng nobela (karaniwang Linggo ang labas ng magasin) ay maaaring tumakbo nang pagkahaba-haba. At aabutin ng isang taon o higit pa. Pero inuumpisahang ilabas kahit nakakatatlo o apat na chapter pa lang ang awtor. Sakaling mangyari na makalulon ng bubog ang awtor at manigas, problema. Bitin ang nobela dahil isinusulat mo pa ay lumalabas na, hindi mo na mababago ang nasisilip mong kahinaan. Ang gagawin mo magtatagpi na lang kung mayroong dapat tagpian. Ang maiisip mong sana'y mas magaganda, maaaring hindi na lumapat sa mga napawalan mo na. Pauubrahin mo na lang ang mga nariyan na. Sa pagwawakas, mapagmamasdan mo ang kabuuan mula sa tamang layo. Sa perspektiba ng iyong wika, kita-ng-kita ang mga kakulangan, at kalabisan. Pero kung isasalibro, hindi pa huli ang lahat. Makapaghahabol ka. Hindi magandang isalibro sa orihinal na kopya ang isang isineryeng nobela. Maraming dapat baguhin. Gaya ng pagtsa-chapter. Dapat nang maging episodal o may sariling kabuuan bawat kabanata sa halip na sadyang bitin upang papanabikin ang mga sumusubaybay. Sampung beses na mas mahirap ang rebisyon. Maaaring mabago lahat. Walang malabi sa orihinal. May mga madaragdag ngunit higit ang mababawas. Ang isang nobela puwedeng mabanat sa sanlibong pahina. O baka wala pang kalahati ang matira. Mahirap at mahabang proseso, ngunit kasiya-siya. Gaya sa kaso ng isang nagdidiyeta para pumayat. O sining ng eskultura. Pambihira at kataka-taka na nagbabawas ka lalong nadaragdagan. Pinipiga mo lalong nagiging makatas. Na nagpapagunita naman, excuse me again, sa ating mga pinunong gobyerno—bigla kong binanggit para maging relevant naman ako—na nagkakamal upang patuloy tayong kilalanin bilang pinaka-corrupt na bansa sa planetang ito. Sila na nakilala sa kanilang taglay na immoderate greed. Sila na walang kasiyahan sa kadedekwat at kadadambong. Patuloy nilang pinayayaman sa salapi ang kanilang sarili lalo namang namumulubi, nagiging basura ang kanilang pagkatao.

LJ: Silang dagdag nang dagdag ang nababawasan.

ER: Sa susunod kong article, galit na galit ako sa mga gustong makapagtipid. Ang advice kasi, lahat superficial.

LJ: Bakit?

ER: Uso ngayon ang ultimate. Sa TV, lahat ay ultimate. Ito ultimate in advice, how you could save. This is the ultimate. Necessity is the mother of invention. Ano ang iniimbento? Lahat ng makagagaan at makadadali sa pamumuhay. Koryente, o hindi ka na magpapaapoy. Electric toothbrush. Payo ko, kalimutan ninyo ang mga bugok na iyan. Iwanan ninyo ang lahat ng bagay na inimbento para gumaan ang inyong buhay. Patayin ninyo ang aircon at bentilador. Magluto kayo hindi sa gasul. Iyan ang nakapagpapabigat sa inyong buhay. Go back to basic. Now the world is correcting itself. Inaalis ang ating oil para bumalik tayo sa pamumuhay ng mundo. Magtipid ka. Superficial 'yan. Nagta-taxi ka, nagta-tricycle ka dahil kapirasong lalakarin ayaw mo kaya lumalaki ang tiyan mo. Ibig kong sabihin nagsusulat ako ng katarantaduhan. Pero suriin mo, it's true. Kasi kapag hindi kagaguhan, hindi mo babasahin. So bibigyan kita ng kagaguhang totoo.

LJ: Iyon bang *Bangkang Papel*, pelikula lang?

ER: Hindi, nobela iyon. It was actually a trilogy. Isinulat ko iyan pero hindi maganda.

Karugtong iyan ng istorya ng tauhang ginampanan ni Tommy Abuel. Doon ko na-realize na may director's medium, ang film. The actor's medium is play. Parang iyon ang nangyari sa akin. Ang *Bangkang Papel sa Dagat ng Apoy* naipelikula ko, I thought it was more effective than when I wrote that as a novel. Hindi maganda ang pagkakasulat ko.

LJ: Pero kailangan sa documentation ng body of works mo.

ER: It was meant for a trilogy. May tatlong karakter. Isang moral, amoral, at imoral. Iyon ang tatlong nobela. Inumpisahan ko sa gitna. Ang amoral wala siyang pakialam sa mundo. Ang gusto lang niya ay makuha si Ligaya at makabalik sa isla nila. Wala naman siyang pakialam sa mga ipinaglalabang isyu. Ang sumunod imoral, ang *Bangkang Papel sa Dagat ng Apoy*. Makikita mo nakikipaglaban ang labor leader. Ang pinakahuli ko, everything ends in death. Ang lahat ng karakter ko diyan, may pagkakaiba-iba ng kamatayan. Si Julio, nakita na natin ang kamatayan sa *Sa Kuko ng Liwanag*. Dito sa *Bangkang Papel* na according to Conrad de Quiros is one of the best films he ever saw. Death scene. Namatay si Joseph Estrada. Iyong huli namatay din. Magkakaiba lang. Ang huli ay *Budhi ng Buwaya*. That would be about Imo, iyong nasa advertising agency na tinalo si Perla. Wala siyang pakialam. Noong nagsusulit na siya sa sarili, too much of a good thing is bad. Nagkaroon siya ng liver cancer. Para siyang si Hudas. Siya ang may pinakamalungkot na kamatayan.

LJ: Pelikula ba ang *Budhi ng Buwaya*?

ER: Ni hindi ko pa naisulat.

LJ: Hindi pa naman huli na balikan mo.

ER: Diyan ako binanatan ni Ricky Lee, wala daw akong commitment. Amoral nga si Julio, e. Biglang ako ang sinita. Pero hindi naman nag-aral ang karakter ko, hinahanapan niya ng rebolusyon.

LJ: Paano ka ba napasok sa pelikula?

ER: Malaki ang kinalaman ni Joseph Estrada. Si Joseph parang tatay ko. Kapag sinabi niya sa lahat ng naniniwala at umaasa sa kanya ang isang bagay, iyon na iyon. Kahit si Jesse Ejercito walang say. Kapag may joke siya, kahit sampung beses mo nang narinig, tatawa ka dapat. At kahit hindi nakakatawa, you have to laugh dahil ikaw ay merong nilalakad na negosyo. Wala ako sa ganoong kategorya. Kinursunada ni Joseph ang lahat ng pelikula ko sa Crown 7. Patok kasi. Gusto niya akong makita. Hindi ako umapir. Si Joseph magaling sa gudtaym. Kapag ginudtaym ka, hihiyain ka. Knowing that, tatanggapin mo lahat. Pero ako, ayokong basta lang oo nang oo. Sabi nga ni Nani Cuenco, National Artist, "Buti ikaw naka-say no kay Erap." Nagkagalit kami. Pero, isang araw may padalang tseke ang Viva. Gagawin ko ang *Pakners* starring Joseph Estrada and Rudy Fernandez. Naisip ko, so many years have passed. I have proven my point. Si Joseph, ni-require ang Viva. Hindi siya makalimot sa kaniyang atraso. "Magpapartner ako kay Rudy, pero ang direktor si Edgar Reyes." Ang hula ni Inday Badiday, I would be the director. All I have to do is to agree. Sabi ni Joseph, "Papuntahin mo dito si Edgar, 'yong scriptwriter. Kasi pag-uusapan namin ang istorya." Siya ang magde-decide hindi si Rudy Fernandez. Kasi noon lang sumikat si Rudy Fernandez. Pumunta ako sa kaniya. Wala kaming pinag-usapan sa nakaraan. Wala kaming pinag-usapan sa present. Uminom lang kami. Pero niyakap niya ako. Andun na lahat. You don't have to say a word. Sabi niya, "Gagawin kita ang direktor."

LJ: Ilan ang dinirek n'yo?

ER: Dalawa lang. Binuhay ang noo'y di-na-aktibong Crown 7 ng JE dahil pagpapraktisin akong magdirek. Dinirek ko ang *Bulaklak ng Apoy* starring Emily Loren. Sumunod na proyekto, *Bangkang Papel sa Dagat ng Apoy* (hango sa isa kong nobela, ako rin ang nag-iskrip) ng Cine Suerte, totohanan nang ididirek ko si Erap. Sabi ko kay Joseph, "Bago kita idirek mag-uusap muna tayo." Ibinabalik ko sa kaniya. "Ikaw naman ang gumawa sa akin. Kapag ako nag-fail, it's your

fault." Tinulungan niya ako not to be a good director but at least to direct him. Sa pelikulang iyon sila pinapagtagpo ng kapalaran ni Laarni Enriquez. Isang bagay: hindi kahit sinong direktor ay maididirek si Erap. Mapili, maselan. Sa iilang okey sa kaniya, kabilang ang mga yumaong FPJ, Chat Gallardo, at Totoy Buenaventura. In the story, si Joseph Estrada bilang si Pol (si Tommy Abuel sa *Maynila*) ay isang labor leader (aktuwal na Book 2 ng isang trilogy na ang *Sa Mga Kuko ng Liwanag* ang Book 1) na tinarget ng "sistema," pataksil na pinaslang ng isang tirador. Ginawang simbolo ng pakikipaglaban ng lipunang manggagawa. Wala pa si Joseph, pinakunan ko na ang burol kay Romy Vitug. Hindi ko na napakinabangan iyon. How are you going to direct Joseph Estrada? Ang pumatay diyan si Baldo Maro. "Balut, balut!" Pong, pong, pong. Patay si Joseph Estrada. Ordinarily, ipaliliwanag mo kung sino ang pumatay at bakit siya napatay. Hindi ko naginawa. Bakit? Di ba ang mga napatay, ipinaliliwanag ng batas. Pinipiktiyur ko rito kung ano ang situation sa Filipinas. Ang napatay, napatay. Hindi ko ni-resolve iyan. I go along with the Philippine situation. Si Ninoy nga hindi na-resolve. Ang malaking problema, si Joseph, ayaw mahiga sa kabaong. Nagpakuha ako ng so many extras, supposed to be labor leader ito. Pinakunan ko ang haba ng pila. Pinaning ko iyan. Pagkatapos heto ngayon ang bata at nanay. Ang bata may dalang rose. Okey, tapos na ang eksena. Ayaw ni Joseph na mahiga sa kabaong. What are you going to do? If you know film making, pagkatapos na kunan ang tumiting in sa kabaong, kukunan mo ang tinitingnan ng bata. Point of view. Ang bata ay naglagay pa ng isang rose. Puwede ba na basta ganoon na lang na wala ang nakaburol? Ayaw talaga mahiga ni Joseph sa kabaong. Sabi niya, "25 years na ako sa pelikula, walang nakapagpapahiga sa akin sa kabaong. Hindi ako namamatay. Sinabihan nga ako ni Ronnie bawal mamatay." Sinabi ko ang importance. 'Pinatawag namin si Layson, ang may-ari ng Funeraria Nacional. Sabi ko, "W'ag n'yong isosoli ang alpombra, kandila at didiskartehan ko si Joseph Estrada." Tuwing magsu-shooting kami Erap, sasabihin ko, "Sigurado ka ba, nariyan ang kabaong?" Ayaw talaga. May pamahiin siya. Last day ng shooting namin. Sabi ni Joseph Estrada, "Ewan ko, nariyan ba ang kabaong?" Alam niya na it is the most important scene. Unang-una, ang point of view, mayroon kang bata na naglagay ng rose. Kapag kinunan mo iyon, dapat ang rose pareho. Tuwing gagabihin ang shooting, nagpapakuha ako ng sampung rose. Kapag pumayag si Joseph, isa ang ilalagay ko roon. So pumayag din si Joseph. Naku nasaan ang kabaong? Mahusay akong magdala ng tao, takbo sila. Tuwang-tuwa sila. Okey, andiyan na. Shooting na kami. Tapos, sabi niya, "Hindi talaga ako nahihiga riyan. Baka mamatay talaga ako diyan." Sabi ko, "I have a compromise. Ipapaalis ko ang ilalim ng kabaong. Mahihiga ka na lang sa ilalim. Tatakluban ka na lang." Ayaw pa rin, kabaong pa rin daw. Last option: "Lalagariin ko na lang ang kabaong. Ililimit ko ang shot. Kalahati lang, iyong nasa mukha mo na may salamin." Pumayag! Ang kaso ni-reject ng censor ang eksena. Ayaw, dahil malapit na malapit daw kay Ninoy.

LJ: Sino ang nagpatanggal?

ER: Censor, militar. Ironically, it was the military under General Estrada.

LJ: Panahon ni Cory?

ER: Hindi, Martial Law, Marcos. Kapapaslang noon ni Ninoy Aquino at ibig kong gayahin kung paano siya ibinurol. Tandaan, si Erap noon ay kilalang maka-Makoy. Kaya nga mahirap ilusot. Kung panahon ni Cory mailulusot ko iyon. Si Ninoy napusoy na noon pero hindi pa nagrerebolusyon. Sa pelikula, big money is involved. Hundreds of thousands, now millions. Hindi puwede na pagdating mo doon, magaling ka. Ang kalakaran, if you are doing a good film it would not earn money. So gagawa ka lang ng katarantaduhan at maraming nakukumbinsi na ito'y kikita ng pera. Ako nagsimula sa unti-unti hanggang sa dumating sa punto na ako ay nagdidikta sa *Liwayway* kung ano ang gusto kong sulatin. I would like to apply the same attitude sa cinema. Big game. Sasabihin mo lahat nagkakagulo, nagkakauntog ang producer to produce your idea? Hindi puwede, makikiusap ka. At ako nakigago, nakiloko. So I claim to have written the worst screenplay in the Philippine cinema. Alam mo hindi naman siguro masyadong totoo iyon. I started low para patulan nila ako. Para bigyan nila ako ng pagkakataong ma-produce iyong pelikula. Hanggang sa paniwalaan nila ako. Hanggang sa dumating sa punto na I could produce *Bangkang Papel*.

LJ: Saan kayo humugot ng ganiyang attitude?

ER: Sa buhay ko mismo siguro. Naglayas ako out of my own decision. Ako kasi, saksakan ng hina ng loob. Nasa klase ako, kapag ako'y tinawag ng propesor para akong matatae. Ang inferiority complex ko sinlaki ng mundo. Ang ginawa ko para i-correct ang sarili ko, naglayas ako. In-expose ko ang aking sarili sa lahat ng kahihiyan. Ang gagawin ko, pupunta ako sa estranghero at hihingi ako ng pagkain. Nabura lahat ng kahihiyan ko. Nakarating ako sa lahat ng sulok ng Filipinas. Noong panahon ng Union Cigarette, mga 1960s bago ako nagsulat, naroon ako sa Sandakan. Nag-i-smuggle kami roon. Naroon ako sa Turtle Island. Nakasulat ako ng istorya about Turtle Island. Hindi ako naglayas dahil ibig kong magsulat. Ngunit nakaipon ako ng sapat para maisulat.

LJ: Iyan buhay mo. Singkulay ng mga istorya mo.